# LUNGSOD AT LALAWIGAN NG SAN FRANCISCO

# Ordinansa sa Pananagutan sa Pangangalagang Pangkalusugan
## Health Care Accountability Ordinance (HCAO)

## PAUNAWA SA MGA EMPLEYADO

Epektibo ng: Hulyo 1, 2026

Ang pinagtratrabahuan na ito ay isang kontratista ng Lungsod at Lalawigan ng San Francisco. Ang kasunduang kontrata na ito ay sakop ng Health Care Accountability Ordinance (HCAO). Ang HCAO ay nag-uutos sa iyong employer na magbigay ng benepisyo sa planong pangkalusugan sa mga sakop na empleyado, gumawa ng bayad sa Lungsod para gamitin ng Department of Public Health (DPH), o, sa ilalim ng limitadong kalagayan, gumawa ng bayad nang direkta sa mga empleyado. Kung nagtatrabaho ka nang hindi bababa sa 20 oras bawat linggo sa isang kontrata ng Lungsod, ikaw ay isang sakop na empleyado at ang iyong employer ay dapat pumili ng isa sa mga sumusunod na opsyon:

1. **MAGBIGAY SA IYO NG ISANG PLANONG PANGKALUSUGAN NA TUMUTUGON SA MINIMUM NA PAMANTAYAN NG DPH NA ITINAKDA NG DIREKTOR NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN**
   • Ang inyong pinagtratrabahuan ay hindi maaaring mag-atas sa inyo na magbigay ng kontribusyon na anumang halaga ukol hulog na regular sa seguro (premium) para masakop kayo sa planong pangkalusugan
   • Ang pagkasakop ay dapat magsimula ng hindi lalagpas sa unang araw ng buwan na nagsisimula pagkaraan ng 30 araw mula sa simula ng trabaho na sakop ng kontrata.

**O**

2. **BAYARAN NG $8.00 BAWAT ORAS NA NAGTRABAHO SA LUNGSOD AT LALAWIGAN NG SAN FRANCISCO**
   Kung kayo ay nakatira sa loob ng Lungsod at Lalawigan ng San Francisco o nagtratrabaho sa kasali ng kontrata sa Lungsod sa loob ng Lungsod, sa Paliparan ng San Francisco (San Francisco International Airport) o sa Bilangguan ng San Bruno (San Bruno Jail), at ang inyong pinagtratrabahuan ay hindi nagkakaloob ng planong pangkalusugan na tumutugon sa mga Pinakamababang Pamantayan (Minimum Standards), ang inyong pinagtratrabahuan ay dapat magbayad ng $8.00/oras para sa bawat oras ng inyong trabaho (hanggang 40 oras or $320 sa isang linggo) sa DPH.

**O**

3. **BAYARAN NG KARAGDAGANG $8.00 BAWAT ORAS NA NAGTRABAHO ANG EMPLEYADO**
   Kung kayo ay nakatira sa labas ng Lungsod at Lalawigan ng San Francisco at nagtratrabaho sa ilalim ng kontrata ng Lungsod na matatagpuan sa labas ng Lungsod, at hindi sa Paliparan ng San Francisco (San Francisco International Airport) o sa Bilangguan ng San Bruno (San Bruno Jail) at ang inyong pinagtratrabahuan ay hindi nagkakaloob ng planong pangkalusugan na tumutugon sa mga Pinakamababang Pamantayan (Minimum Standards), ang inyong pinagtratrabahuan ay dapat magbayad sa inyo ng karagdagang $8.00/oras para sa bawat oras ng inyong trabaho (hanggang 40 oras or $320 sa isang linggo) upang magkaroon kayo ng pagkakataon na makakuha ng pagkasakop sa segurong pangkalusugan.

Kung kayo ay naniniwalang nilalabag ang inyong mga karapatan, tawagan ang Office of Labor Standands Enforcement (Tanggapan ng Pagpapatupad sa mga Pamantayan sa Paggawa) sa (415) 554-7903.

**Office of Labor Standards Enforcement (OLSE)**
**City Hall, Room 430**
**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place San Francisco, CA 94102**
**www.sf.gov/olse-hcao**

Ipaskil sa Lugar na Madaling Mabasa ng mga Empleyado

Binago Ng Hunyo 2026